

Buod ng Ehekutibo

Sa lehislatibong sesyon noong 2019, ipinasa ang lehislatura at nilagdaan ng Gobernador ang Panukalang-batas sa Senado (Senate Bill) 577. Sa Seksiyon 9 ng panukalang-batas na ito, inaatasan ang Komisyon sa Katarungang Pangkrimen ng Oregon (Oregon Criminal Justice Commission, CJC) na suriin ang lahat ng datos patungkol sa mga krimen ng pagkiling at mga insidente ng pagkiling na hindi itinuturing na krimen, at iulat ang mga resulta taon-taon tuwing Hulyo 1. Ito ang ikaapat na taunang ulat at sinasaklaw nito ang datos tungkol sa mga krimen ng pagkiling at mga insidente ng pagkiling na hindi itinuturing na krimen na nangyari sa Oregon sa mga taon ng kalendaryo na 2020, 2021, at 2022. Ang sinumang interesadong makita ang ulat sa kabuuan ay maaaring humiling ng kopya mula sa Criminal Justice Commission sa 503-378-4830 o i-access ang link na ito: <https://www.oregon.gov/cjc/CJC%20Document%20Library/SB577ReportJuly2023.pdf>. Ang mga pangkalahatang katanungan hinggil sa ulat na ito ay dapat idirekta sa Criminal Justice Commission sa 503-378-4830. Ang mga partikular na tanong hinggil sa ulat na ito ay maaaring idirekta kay Ken Sanchagrin, ang Direktor ng Criminal Justice Commission, sa 971-719-6000 o sa ken.sanchagrin@cjc.oregon.gov.

Ang buong ulat ay nagpapakita ng pabuod na datos at pagsusuring batay sa karanasan ng mga krimen ng pagkiling at mga insidente ng pagkiling na hindi itinuturing na krimen mula sa maraming pinagmumulan ng datos kasama na ang Hotline para sa Pagtugon sa Pagkiling (Bias Response Hotline, BRH) (na tinutukoy bilang *BRH* o *Hotline* sa ulat na ito) na itinatag ng Kagawaran ng Katarungan ng Oregon (Oregon Department of Justice, DOJ) na nakatalagang tumulong sa mga biktima, saksi, at iba pang mga tagaulat ng mga krimen ng pagkiling at mga insidente ng pagkiling na hindi itinuturing na krimen. Bukod pa rito, ipinapakita sa ulat ang datos tungkol sa mga kriminal na pagkakasala na kaugnay ng pagkiling na kinuha mula sa Pambansang Sistema ng Pag-uulat na Batay sa Insidente (National Incident Based Reporting System, NIBRS) ng Oregon na pinangangasiwaan sa Pulisya ng Estado ng Oregon (Oregon State Police, OSP), datos tungkol sa paglilitis ng mga krimen ng pagkiling mula sa 34 na tanggapan ng abogado ng distrito,¹ datos tungkol sa pag-aresto na kinuha mula sa pambansang Sistema ng Datos sa Pagpapatupad ng Batas (Law Enforcement Data System, LEDS), datos ng hukuman para sa mga krimen ng pagkiling na kinuha mula sa sistema ng datos na Odyssey ng Oregon, at datos tungkol sa paghatol at pagsentensiya para sa mga krimen ng pagkiling mula sa Kagawaran ng mga Pagwawasto (Department of Corrections, DOC) ng Oregon. Ipinatungkol sa mga resulta para sa [Datos ng Kagawaran ng Katarungan \(Hotline\)](#) ang mga inisyal na krimen ng pagkiling at mga ulat ng insidente ng pagkiling,² na sama-samang tinutukoy bilang “mga ulat na may motibo ng pagkiling.”

Mga Pangunahing Napag-alaman

- Dumami ang mga ulat na may motibo ng pagkiling sa Hotline nang 60% mula sa 910 noong 2020 hanggang sa 1,457 noong 2021, at nang karagdagang 74% sa 2,534 noong 2022. Ang lahi (n = 1,298; 51%), partikular na ang kontra sa Black/African American (n = 610; 24%), ay nanatili bilang ang pinakamalaking kategorya ng ulat na may motibo ng pagkiling noong 2022 (tingnan ang Talahanayan A9 sa [Apendiks A](#)).
 - Dumami mula 2020 hanggang 2022 ang mga ulat sa Hotline na may motibo ng pagkiling at may kinalaman sa bansang pinagmulan, kontra sa Hispanic, at antisemitic o kontra sa mga jew. Dumami ang mga ulat na may motibo ng pagkiling at may kinalaman sa bansang pinagmulan mula 166 (18% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) noong 2020, hanggang 283 (19%) noong 2021, at hanggang 640 (25%) noong 2022, habang dumami naman ang ulat na may motibo

¹ Hindi nakatanggap ng datos mula sa 2 county: Gilliam at Umatilla.

² Ang datos ng Hotline na tinatalakay sa ulat na ito ay nakatuon sa mga inisyal na ulat na may motibo ng pagkiling, ibig sabihin, mga insidente ng pagkiling at mga krimen ng pagkiling. Ang mga ulat na hindi angkop sa mga pamantayan ng pagkiling, naulit na, at/o hindi natukoy ay tinatalakay sa mga Talahanayan 1-2, Figure 1-2, at Talahanayan A1-A6 sa Apendiks A at inilalahad sa [Dashboard](#) ng Krimen ng Pagkiling.

ng pagkiling na kontra sa Hispanic mula 111 (12%) noong 2020, hanggang 129 (9%) noong 2021, at hanggang 379 (15%) noong 2022. Dumami ang mga ulat na may motibo ng pagkiling na kontra sa relihiyon mula 66 (7% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) noong 2020, hanggang 208 (14%) noong 2021, at hanggang 251 (10%) noong 2022, na ang karamihan ay may motibo ng pagkiling na kontra sa Jewish.

- Dumami ang mga ulat na may motibo ng pagkiling para sa pagkakakilanlan sa kasarian mula 51 (6% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) noong 2020, hanggang 149 (10%) noong 2021, at hanggang 377 (15%) noong 2022. Dumami ang mga ulat na may motibo ng pagkiling at may kinalaman sa seksuwal na oryentasyon mula 96 (11% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) noong 2020, hanggang 258 (18%) noong 2021, at hanggang 509 (20%) noong 2022.
- Hindi kasing taas noong 2021 ang mga ulat sa Hotline na may motibo ng pagkiling na kontra sa Asian (n = 192; 13% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) sa kasagsagan ng pandemya ng COVID-19, pero nanatili itong alalahanin noong 2022 (n = 148; 6%) (tingnan ang Talahanayan A9 sa [Apendiks A](#)).
- Dumami ang mga ulat sa Hotline na may motibo ng pagkiling na nangyari sa mga K-12 na paaralan mula 36 (4% ng mga ulat na may motibo ng pagkiling) noong 2020, hanggang 150 (10%) noong 2021, at muli hanggang 408 (16%) noong 2022 (tingnan ang Talahanayan A20 sa [Apendiks A](#)). Ang mga biktima at nasasakdal na may ugnayan bilang magkamag-aral ay nasa 4 sa kabuuan noong 2020, 59 noong 2021, at 240 noong 2022 (tingnan ang Talahanayan A27 sa [Apendiks A](#)). Ang maraming ulat na may motibo ng pagkiling sa mga paaralan ay hindi naitatala sa Hotline dahil sa mga alternatibong sistema ng pag-uulat para sa mga paaralan at ang mga ulat na ito ay kumakatawan lang sa maliit na porsiyento ng pagkiling na nangyayari sa lugar ng pag-aaral sa Oregon.
- Ang datos ng Hotline at ng NIBRS ay parehong nagpapakita ng pataas na trend sa mga kilos na may motibo ng pagkiling na ginawa ng mga taong kilala o bahagyang kakilala ng biktima: 44% ng mga ulat sa Hotline na may motibo ng pagkiling noong 2022 at 20% ng mga krimen ng pagkiling na iniulat sa NIBRS ay kinasasangkutan ng mga nasasakdal na kilala o kakilala nang kaunti ng biktima.
- 32% ng mga nasasakdal sa krimen ng pagkiling noong 2022 ay nahatulan para sa anumang kaso: 14% ay nahatulan ng kaso ng pagkiling at 17% ay nahatulan ng kaso ng hindi pagkiling (tingnan ang Talahanayan 28 sa [Mga Kaso \(Odyssey\)](#)). Inaasahang dadami pa ang antas ng paghatol habang marami pang kaso ang napagpapasyahan.
- Kaunti lang sa nasasakdal na nahatulan ng kaso ng pagkiling ang nasesentensiyahan ng pagkakabilanggo. Ang karamihan ay sinesentensiyahan ng probasyon nang may [mga pangkaraniwang kondisyon ng probasyon](#), inutusang huwag makipag-ugnayan sa mga biktima, at ni-refer sa mga ebalwasyon at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at/o pagkalulong sa droga/substance (tingnan ang [Mga Kinalabasan ng Kaso](#) para sa pakikipagtalakayan).

Mga Rekomendasyon ng CJC

1. Dapat ay ituloy ng Hotline ang paggamit sa kasalukuyan nitong ugnayan sa mga Organisasyon sa Komunidad (CBO) na partikular sa kultura at sa populasyon, at sa Mga Tribo upang magbahagi ng impormasyon sa mga komunidad na BIPOC, ng mga may kapansanan, minority sa larangan ng relihiyon, at LGBTQIA2S+ tungkol sa [Toolkit para sa Pagtugon sa Pagkiling sa Komunidad](#) ng Hotline para tiyaking naibibigay ang mga angkop na resource sa mga biktima at sa mga nakaligtas sa mga krimen at mga indisente ng pagkiling. Pagkatapos, maaaring ibahagi ng mga CBO, Tribo at Tagapagpatupad ng Batas (LE) ang Toolkit at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Hotline nang malawakan at, kung maaari, magbibigay rin ito ng mga online na link sa Hotline.³
2. Dapat ay ituloy ng Hotline ang paggamit sa kasalukuyan nitong pagsisikap para makipag-ugnayan at makipagtulungan sa Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) upang tiyaking alam ng mga tagapangasiwa at tagapagturo ng paaralan ang tungkol sa mga serbisyong ibinibigay ng Hotline. Dapat nilang ituloy ang pagbibigay ng materyales na may buod ng mga serbisyo at impormasyon sa

³ Gagawing available ang Toolkit sa mga wikang Spanish, Arabic, Tagalog, Simplified Chinese, Traditional Chinese, Korean, Vietnamese, Russian, Somali, Ukrainian, Pashto, Dari, at Hindi sa Hulyo 2023.

pakikipag-ugnayan sa Hotline, at ang pagsisikap na maglahad at magkaroon ng mga grupo para sa pakikipagtalakayan sa mga tagapagturo upang makabuo ng mga ugnayan at makatuklas ng mga estratehiya para makaugnayan ang mga nakababatang biktima ng insidente ng pagkiling at krimen ng pagkiling. Dapat pagbatayan ng mga ebalwasyon ang lahat ng ipinatutupad na estratehiya.

3. Dapat itoon ng estado ang mga pagsisikap para makagawa ng programa ng paggagamot na partikular sa mga nasasakdal sa krimen ng pagkiling sa tulong ng pagpapayo ng DOJ, na may kasama dapat na pana-panahong pagpapatunay sa programa at pagtatasa sa mga kinalabasan nito. Ang ugnayan sa pagitan ng kalusugan ng pag-iisip at ng krimen ng pagkiling na iminumungkahi sa mga hatol ng sentensiya ay posibleng hindi makatotohanan: maraming taong may mga kapansanan sa kalusugan ng pag-iisip ang hindi nakikisali sa mga gawaing may motibo ng pagkiling, at maraming taong nakikisali sa mga gawaing may motibo ng pagkiling ang wala namang diagnosis sa kalusugan ng pag-iisip.
4. Ang mga biktima ng krimen ng pagkiling ay maaaring makaranas ng hindi tiyak na kalagayan sa lipunan at sa ekonomiya, ng PTSD, at hindi nagtitiwala sa sistema ng katarungan dahil sa mga negatibong karanasan nila noon, na nakaaapekto sa kahandaan nilang makipagtulungan sa Tagapagpatupad ng Batas (LE) at sa mga tagausig. Mayroong mga serbisyo para sa mga biktima upang tulungan ang mga biktima at gabayan ang kanilang mga pakikipag-ugnayan sa Tagapagpatupad ng Batas (LE) at sa mga tagausig,⁴ na kasalukuyang ginagamit bilang sanggunian ng mga tagapagtaguyod sa Hotline kapag sinusuri nila ang mga opsiyon habang kausap ang mga taong tumatawag. Dapat isama ng DOJ ang listahan ng mga ahensiyang ito sa kanilang webpage—kabilang na ang mga serbisyo at mga wika na partikular sa kultura—at sa materyales na regular nilang ibinabahagi sa mga kaakibat nila sa sistema ng katarungan.
5. Nagkakaroon ng hindi naitaguyod na kaso at hindi naihaing kaso dahil sa mga kakulangang lehislatibo, hal., ang graffiti sa ari-arian ng isang biktima mula sa isang hindi protektadong uri ay hindi puwedeng kasuhan ayon sa Mga Nirebisang Kautusan ng Oregon (Oregon Revised Statutes, ORS) 166.155, kahit na ang layunin ay para takutin ang mga tao mula sa malawakang publiko na kabilang sa isang protektadong uri. Inalis ang mga panukalang lehislatibong pagsasaayos mula sa Panukalang-batas sa Kongreso (House Bill) 3443; dapat ituloy ng DOJ ang kanilang pagsisikap para tugunan ang kakulangang ito.⁵

⁴ Halimbawa, NAACP, APANO, IRCO, DRO, Casa Latinos Unidos, Latino Network, Latino Community Association, Disability Equity Center, Muslimahs United, AYCO, NAYA, Filipino Bayanihan Center, ADL.

⁵ Hindi madaling isaayos ang ilan sa mga kakulangang ito, hal., puwedeng gumawa ng mga argumento sa malayang pagpapahayag kaugnay ng paninigaw ng mapoot na insulto o pamumudmod ng flyer na nangta-target ng mga protektadong uri.